

Mga Reklamo

Ang lahat ng mga doktor at siruhanong lisensyadong magpraktis sa British Columbia ay registrants ng College of Physicians and Surgeons of BC (tinatawag na College). Ang mga miyembro ng publiko ay maaaring magreklamo tungkol sa isang College registrant gamit ang aming proseso ng pagrereklamo.

Bilang regulator ng mga doktor at mga siruhano ng BC, maaari naming imbestigahan:

- ang lahat ng mga doktor at siruhanong lisensyado sa College
- ang isang empleyadong nagtrabaho para sa isang College registrant sa isang practice na nasa isang opisina, o medical clinic

Paano mag-file ng reklamo tungkol sa pangangalaga sa isang clinic at tungkol sa conduct o pagkilos

Ang karamihan ng mga reklamong isinusumite sa College ay may kinalaman sa klinikal na pagdedesisyon ng isang registrant, o sa paraan ng pagtrato sa isang pasyente. Ito ay isang patnubay para sa kung paano gumagana ang aming proseso para sa mga reklamo sa klinikal na pangangalaga at conduct.

Paano magsumite ng reklamo

Ito ang ilang mga bagay na dapat tandaan kapag nagfa-file ng reklamo laban sa isang College registrant.

- Ang mga reklamo ay dapat nakasulat at dapat ipadala sa pamamagitan ng mail, email o fax. Inirerekomenda namin ang paggamit ng aming pormularyo para sa pagrereklamo.
- Kakailanganin namin ang petsa ng kapanganakan ng pasyente at ang kanyang personal health number, kung maaari.
- Ang mga reklamo ay dapat may pirma ng táong nagfa-file ng reklamo.
- Kung ang isang reklamo ay isinusumite para sa isang pasyente, dapat magbigay ang pasyente ng pinirmahang pahintulot gamit ang Authorization for Representation form ng College.
- Dapat magbigay ng mga kinakailangang dokumentasyon tulad ng isang power of attorney o executor statement kung hindi makapagbibigay ng pahintulot ang isang pasyente.
- Tutulungan namin ang sinumang hindi makakapagsulat ng komunikasyon sa amin dahil hindi kaya ng kanyang katawan.

Kung ang isang pasyente ay hindi personal na makakapagreklamo, ang reklamo ay maaaring gawin ng isang kamag-anak o kinatawan sa ilang mga pangyayari kung ito'y para sa kabutihan ng publiko. Ang personal na impormasyon tungkol sa kalusugan ng isang pasyente ay maaaring gawing accessible sa kanyang kinatawan depende sa batas ukol sa pagka-pribado at depende sa kung kinakailangan ito para sa facts.

Oras na natanggap na namin ang iyong reklamo, padadalhan ka namin ng sulat sa mail na magpapaliwanag sa iyo kung ano ang mga susunod na gagawin

Pag-file ng reklamo tungkol sa sexual misconduct

Mayroon kaming zero tolerance pagdating sa sexual contact ng isang registrant at ng isang pasyente sa isa't-isa, kahit na maaaring consensual (may pahintulot mula sa magkabilang partido) ang ganoong contact.

Mangyaring kontakin kami upang makipag-usap sa isang trained complaint navigator (táong makakatulong sa iyong reklamo) kung naniniwala ka na ang isang registrant ay sumobra, may sinabi siyang bagay na bastos o na nakakailang sa iyo, o may ginawang bagay na maituturing na sexual misconduct (kahalayan).

Ano ang magagawa ng College

Iniiibestiga namin ang lahat ng mga reklamo laban sa registrants, kabilang na ang:

- sinasabing hindi angkop na sekswal na puna
- paghipo
- abuso

Paunawa: Hindi itinuturing na sexual misconduct o abuso ang kapag hinipo ng isang registrant ang maselang bahagi ng katawan ng isang pasyente para sa balidong medikal na layunin, nang mayroong may-kaalamang pahintulot ng pasyente.

Mga Halimbawa

Mga halimbawa ng mga reklamong sekswal:

- hindi magagandang puna o kilos, kung saan ang registrant ay:
 - gumagawa ng sexually suggestive o seductive na mga puna
 - gumagawa ng mga hindi kinakailangang puna tungkol sa mga sekswal na relasyon o sekswal na oryentasyon
 - gumagawa ng mga sekswal na insulto o mga bastos na puna o biro
 - gustong makipag-date sa isang pasyente
 - humihingi ng mga hindi nagugustuhang yakap o halik
- mga hindi kinakailangan o malalaswang pisikal na eksaminasyon
 - gumagawa ang isang registrant ng breast, genital, o pelvic examination nang walang balidong medikal na dahilan
 - ang paghipo ay itinuturing ng pasyente na sekswal
- anumang ibang sexual contact na nangyayari nang walang pahintulot ng magkabilang partido (ibig sabihin, sexual assault (sekswal na panggagahasa))

Suporta mula sa isang dedicated complaint navigator (táong espesyalista sa pakikinig sa mga reklamo)

Nalalaman namin na maaaring napakahirap magreklamo tungkol sa isang sexual misconduct. Maaaring maramdaman mo na ikaw ay vulnerable, napapahiya, naguguluhan, o natatakot magsalita tungkol sa nangyari sa iyo.

Kapag tumawag ka sa amin para humingi ng tulong, kakausapin namin ang isang dedicated complaint navigator na may training tungkol sa sexual abuse at trauma. Ikaw ay papatnubayan at susuportahan ng complaint navigator sa proseso ng pagrereklamo.

Sino ang aking matatawagan?

Maaari mong tawagan ang aming contact centre sa 604-733-7758 at hilinging makipag-usap sa complaint navigator. Ang aming contact centre ay may available na translations services (mga serbisyo sa ibang mga wika). Hindi mo kailangang ibigay ang iyong pangalan kung mas gusto mong maging anonymous sa unang tawag. Maaari mong sabihin sa amin kung ano ang nangyayari at pagkatapos ay ipapaliwanag namin ang proseso ng pagrereklamo at ng pagdidisiplina ng College para malaman mo kung ano ang iyong maaasahang mangyari. Pagkatapos ay maaari kang magpasiya kung nais mong ipagpatuloy ang reklamo.

Paano naman ang pagka-pribado at ang pagiging kompidensyal?

Maaaring kauna-unahan mong iniisip ang mga alalahanin sa pagka-pribado. Bagamat maaari mo kaming kontakin nang anonymous, at maaari kang magtanung-tanong, kailangan naming kumilos nang mabilis sa impormasyon oras na binanggit mo ang identidad ng isang registrant. Dapat mo malaman na kung kami ay mag-iimbestiga, kailangan namin ibigay ang iyong pangalan sa registrant na iniimbestiga para siya'y magkaroon ng pagkakataong makapagsalita.